Balitang Manmin

BILANG 166 OKTUBRE 16, 2016

# Makapangyarihang Pagpapagaling ng mga Kapansanan sa Mata!




Ipinakita ng Diyos ang kapangyarihang muling-paglikha sa pamamagitan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, maraming naligtas dahil dito. Noong Agosto 2016, sa Retreat sa Tag-init ng Manmin, marami ang pinagaling mula sa karamdaman at problema sa mata tulad ng pagkabulag. Nakakita sila at nawala ang mga problema sa paningin. (Gitna: napuno ang entablado ng mga gustong magpatotoo noong retreat sa tag-init at mga krusada sa ibang bansa)

Bulag ang tawag sa napakalabong paningin o walang paningin. Nang sabihin ni Jesus, "Humayo ka, pinagaling ka ng iyong pananampalataya," nakakita ang bulag na pulubing si Bartimeo (Marcos 10). At mababasa din sa Biblia ang tungkol sa bulag na lalaki sa Bethsaida (Marcos 8), at ang lalaking bulag mula nang ipanganak pero nagkaroon ng paningin (Juan 9).

Sa panahon ni Jesus lang ba ito pwedeng mangyari 2,000 taon na ang nakaraan? Sinabi ni Jesus sa Juan 14:12, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang sumasampalataya sa Akin ay gagawin din ang mga gawang Aking ginagawa, at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya, sapagkat Ako'y pupunta sa Ama." Magmula ng magbukas ang Manmin Central Church, nakaranas at nakasaksi ang mga miyembro ng mga nakakitang muli mula sa pagiging bulag o panlalabo ng paningin.

12 taon pa lang si Kapatid Maria Rodriguez Dominguez noong panahong iyon. Nabulag ang kanang mata niya dahil sa sobrang taas ng lagnat noong 2 taon pa lang siya. Inoperahan siya sa cornea pero ni kaunting liwanag ay hindi pa rin siya nakaaninag. Nang pumunta si Dr. Jaerock Lee sa Honduras para idaos doon ang Krusada ng Pagkakaisa noong taong 2002, nagdaos din siya sa pagpupulong para muling sumigla at lumakas ang espiritu sa La Cosecha Church. Dumalo si Kapatid Maria at ipinanalangin siya ni Dr. Lee para gumaling; nakakita siya.

Nabulag ang kaliwang mata ni Kapatid Kunwi Park, 15 taong gulang. Nagkaroon ito ng uveitis (sanhi ito ng pinsala o impeksyon sa mata) at natanggal sa tamang lugar ang kanyang retina dahil sa operasyon sa mata. Kaliwang mata lang ang nagagamit ni Jun Heo noong anim na taong gulang siya. Nabulag ang kanang mata niya dahil may diperensya ang retina niya noong ipanganak siya. Sinabi ng doktor na hindi na ito pwedeng gamutin. Pero dahil ipinanalangin sila ni Dr. Lee, gumaling ang mga mata nila, nakakakita na sila sa magkabilang mata.

Nahirapan si Sister Elizabeth Nakumika, 27 taong gulang, taga-Kenya, dahil bulag siya. Pero pagkatapos niyang tanggapin ang panalanging may panyo nagsimula siyang makaaninag ng liwanag, hindi nagtagal nakakita na siya ng mga tao at mga ibang bagay.

Noong Agosto 8, 2016, ipinakita ang kapangyarihang magpagaling sa isang pagpupulong sa Retreat sa Tag-init ng Manmin. Dahil sa panalangin ni Dr. Lee iba't ibang karamdaman ang gumaling tulad ng kanser, sugat sa utak, bulol na pagsasalita, pandinig, at paglakad. Marami ring karamdamang may kinalaman sa paningin ang napagaling.

Noong taong 2012, inoperahan ang mga mata ni Diakonesa Namsoon Park, 70 taong gulang, dahil sa katarata. Pero, malabo pa rin ang paningin ng kanang mata niya. Pinaoperahan niya ulit ito, pero walang pagbabago. Hindi siya makapaglakad ng tuwid dahil dito, nadadapa pa siya kung minsan. Idinalangin siya ni Dr. Lee sa retreat sa tag-init 2016. Nagliwanag ang mga mata niya, hindi na rin siya nahilo. Nakikita na rin niya ang malalayong bagay (litrato 1).

Hindi nakita ni Kapatid Jungwoo Cheon, 12 taong gulang, mula sa Masan Manmin Church, ang iba't ibang kulay, mayroon siyang 'color amblyopia' at 'visual pathway disorder', madilim ang paningin niya. Nang idalangin siya ni Dr. Lee, lumiwanag ang paningin niya. Sa pagsusuri, sinabing wala ng diperensya ang paningin niya (litrato 2). Ipinanganak si Kapatid Kyuchan Yeon, 16 taong gulang, na may strabismus, hindi pantay ang posisyon ng mga mata niya. Malabo at doble ang paningin niya. Para makakita ng malinaw, itatagilid pa niya ang ulo niya. Nang idalangin siya ni Dr. Lee, gumaling siya, nakita na niya ng malinaw ang mga bagay sa harapan niya (litrato 3).

Tatlong taon ng madilim ang paningin ni Diakonesa Myeongseon Park, 78 taong gulang, taga-Changwon Manmin Church. Halos walang makita ang kanang mata niya. Wala din siyang maaninag kahit na anong bagay kapag walang ilaw (night blindness), hindi siya makalabas ng bahay kapag gabi. Pero nang ipanalangin siya ni Dr. Lee, naging malinaw ang paningin ng kanang mata niya. Gumaling ang 'night blindness' niya (litrato 4).

Gumaling ang pangangati ng mga mata ng Punong Diakonesa Jeonghee Bae, 51 taong gulang, Parokya 1 (litrato 5), Dumaan sa dalawang operasyon si Kapatid Kyetae, 66 taong gulang, Parokya 19, dahil sa panlalabo ng paningin. Gumaling sila pagkatapos maipanalangin (litrato 6).

Naging malinaw ang paningin ng maraming miyembro. Napansin ni Diakono Hyungmo Kim, 54 taong gulang, Parokya 15, na unti-unting lumalabo ang paningin niya. Sinuri niya ang buhay niya, pinaghandaan ang retreat, nagsisi at umasa. Sa pamamagitan ng panalangin ni Dr. Lee sa retreat, bumuti ang paningin niya mula 0.7/0.5 – 1.0/1.0 (litrato 7).

Gumaling ang pagiging farsighted ni Diakono Yihee Song, 58 taong gulang, Parokya 28. Nabasa na niya ang Biblia ng hindi gumamit ng magnifying glass (litrato 8). Gumaling ang astigmatism ni Diakonesa Ahran Lee, 49 taong gulang, Parokya 5 (litrato 9), at ang pagiging nearsighted ni Diakonesa Jeongrye Yang, 73 taong gulang, Parokya 31 (litrato 10).

Bukod sa mga taong nabanggit, marami pang bumuti ang paningin, ibinahagi nila ang kanilang mga patotoo sa World Christian Doctors Network.

# Ang Kalooban ng Diyos sa Pagputong sa Ulo ni Jesus ng Koronang Tinik



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Pagkatapos ay dinala Siya ng mga kawal sa bulwagan na siyang Pretorio; at kanilang tinipon ang buong batalyon. Siya'y kanilang dinamitan ng kulay-ube, at nang makapagtirintas ng isang koronang tinik ay ipinutong ito sa Kanya" (Marcos 15:16-17).

Ang buong sangkatauhan ay naging makasalanan. Dumating si Jesus sa mundo para tanggalin ang mga paghihirap natin at tubusin tayo mula sa kasalanan. Kung batid natin kung ano ang lahat ng bagay na ginawa Niya para sa atin, matatanto natin ang lawak at lalim ng pagmamahal Niya, magiging maalab ang buhay natin bilang mga Cristiano. Pag-aralan natin kung bakit ipinutong kay Jesus ang koronang tinik, ano ang kalooban ng Diyos sa likod nito?

### 1. Ang dahilan kung bakit isinuot ang koronang tinik at dumanak ang dugo ni Jesus

Bilang Anak ng Diyos, karapat-dapat kay Jesus ang magsuot ng korona ng karangalan at kaluwalhatian. Pero, sa gitna ng pagdurusa, nagsuot si Jesus ng koronang tinik. Habang tumutusok sa ulo Niya ang mahahaba at matutulis na tinik, sinabayan ng pagtulo ng dugo sa mukha Niya ang sakit ng mga sugat sa ulo Niya. Bakit isinuot ang koronang tinik at dumanak ang dugo ni Jesus? Ito ay para sa kapatawaran ng mga kasalanang nasa isipan ng tao.

Sa utak ng isang tao, mayroong bahagi na nagtatabi at gumagamit ng kaalaman. Naiipon dito ang lahat ng impormasyon na nakita, narinig, at natutuhan ng isang tao mula nang ipanganak siya, may kaukulang damdamin ang bawat isa, ang tawag dito ay "kaalaman." Magkakaiba ang mga pangyayari at kapaligiran kung saan lumaki at nag-aral ang bawat tao. Pero kahit isang tao lang ang nagturo sa dalawang tao sa isang kapaligiran, magkaiba pa rin ang damdamin ng dalawa sa pagtanggap ng impormasyon dahil magkaiba ang mga bagay na pinahahalagahan nila at ang pamantayan nila kung ano ang mabuti at masama.

Ang 'saloobin' ay bunga ng kaalaman at naiipakita ito kung kailan kailangan. Dahil mayroong magkakaibang kaalaman ang bawat isa, magkakaiba din ang saloobin nila sa isang pangyayaring nakita nila. Dahil dito, pwedeng pintasan, punahin, o hindi tanggapin ng isang bansa ang kultura ng bansang pinagmulan ng kaalaman ang isang tao. Ibig sabihin, anuman ang natutuhan ninyong hindi tama ayon sa kultura ng inyong bayan ay pwedeng maging tama sa ibang bayan. Bukod dito, dahil nangingibabaw si Satanas sa saloobin ng karamihang tao dito sa mundo, kadalasan, laban sa katotohanan ang mga ito.

Halimbawa, kapag pinuri ang isang tao, magkakalat ng kasinungalingan si Satanas, hindi magiging masaya ang ibang tao. Kung puro tungkol sa katotohanan ang nalalaman ng mga tao, hindi ito mapapakialaman ni Satanas; magiging masaya sila. Kaya maging masigasig tayo sa pakikinig sa Salita ng Diyos, gawin natin itong pagkain sa araw-araw. Magbago tayo sa pamamagitan ng pagsamba sa espiritu at katotohanan, tanggapin natin ang Salita ng "Oo" at "Amen."

### 2. Paano iwawaksi ang mga kasalanan na nasa isipan at paano magiging espirituwal ang saloobin

Kapag nakikinig ng Salita ng Diyos, sasabihin ng iba, "Amen" kung sang-ayon sa saloobin nila ang mensahe. Pero kung hindi ito sang-ayon sa kaalaman at karanasan nila, hindi nila tatanggapin ito agad.

Makikita natin sa Biblia ang tagpong sinabi ni Jesus sa mga alagad tungkol sa kalooban ng Diyos na magpasan Siya ng krus, sumagot si Pedro ng, "Huwag namang itulot ng Diyos!" Parang napakamaalalahanin ang sinabi niya para sa kanyang pinakamamahal na guro, pero makalaman ang saloobin ni Pedro, pinigilan niya na matupad ang kalooban ng Diyos. Dahil dito pinagsabihan siya ni Jesus, "Layuan mo Ako, Satanas! Ikaw ay isang katitisuran sa Akin sapagkat hindi mo iniisip ang mga bagay ng Diyos, kundi ang mga bagay ng tao" (Mateo 16:23).

Sinasabi na ang mga saloobin na laban sa kalooban ng Diyos ay makalaman. Parang matalino at mabuti para sa mga taong makalaman ang sinasabi nila pero laban ito sa Diyos, wala itong kinalaman sa Kanya. Mababasa sa Mga Taga-Roma 8:7, "Sapagkat ang kaisipan ng laman ay pagkapoot laban sa Diyos; sapagkat hindi ito napapasakop sa kautusan ng Diyos, ni hindi maaari." Sa madaling salita, dapat nating iwaksi ang lahat ng makalaman na saloobin at lahat ng kaalaman at impormasyon na inakala nating tama kung ito ay laban sa kalooban ng Diyos (2 Mga Taga-Corinto 10:5).

Magmula ng makilala ko ang Diyos hindi ako nagduda sa Salita Niya, hindi ko hinaluan ito ng makalaman na saloobin. Pwede akong maniwala ng walang pag-aalinlangan na ang Diyos ang pinakamakapangyarihan dahil naranasan ko ito nang pagalingin Niya ang lahat ng karamdaman ko. Umasa lang ako sa Diyos nang may pananampalataya. Idinalangin ko ang lahat ng klaseng situwasyon, at kamangha-mangha ang pagkilos Niya ayon sa pananampalataya ko. Kapag umaasa tayo sa Kanya nang walang makalaman na saloobin, tiyak na gagawa Siya para sa atin.

Dapat muna nating pabanalin ang mga puso natin para maiwaksi natin ang lahat ng kasalanan na nasa isipan at puso natin. Sinasabi ng 1 Juan 2:16, "Sapagkat ang lahat na nasa sanlibutan, ang masamang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamataas sa buhay, ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan."

Totoong magkakaroon ng makalaman na mga saloobin kapag ang puso ay puno ng kasamaan at mga ugali na nakukuha sa mundong ito. Kapag mayroong "pagnanasa ng laman", mabuti sa paningin ang mga bagay sa mundo at mga bagay na laban sa kalooban ng Diyos. Hahanapin ng tao ang mga bagay na pinagnanasaan niya, at kapag mas tumindi ang pagnanasang ito, kikilos na sila para tuparin ang makalaman na gawain (Galacia 5:19-21). Ang "pagnanasa ng mga mata" ay katangiang paghahanap ng makalaman na bagay. Ginugulo nito ang puso ng tao sa pamamagitan ng mga bagay na nakikita, naririnig, at nararanasan. Dahil sa "pagnanasa ng mga mata", nagiging makamundo ang mga tao, mas lalu silang naghahanap ng mapagnanasaan.

Ang "pagmamataas sa buhay" ay ugaling pagyayabang o pagmamalaki ng lahat ng bagay na mayroon siya dito sa mundo. Pinipilit nito ang mga tao na itaas at ipagyabang ang sarili, makilala, maging sikat at maging makapangyarihan. Sa sandaling maiwaksi ninyo ang pagnanasa ng laman, pagnanasa ng mga mata, at pagmamataas sa buhay, magkakaroon kayo ng mga saloobin na espirituwal, malulugod sa inyo ang Diyos.

### 3. Inihahanda ng Diyos ang magagandang korona para sa atin sa Langit

Dahil isinuot ni Jesus ang koronang tinik para sa atin, napatawad tayo sa mga kasalanang nasa isipan natin. Makakapagsuot tayo ng magagandang korona kapag pumasok tayo sa langit. Iba't ibang korona ang inihanda para sa atin. Ang koronang ibibigay sa atin ay ibabagay sa klase ng naging buhay natin dito mundo.

Halimbawa, ang mga "koronang walang pagkasira" ay para sa mga taong lumaban para maiwaksi ang kasalanan nila pagkatapos tanggapin ang Panginoon at sundin ang katotohanan (1 Mga Taga-Corinto 9:25); Ang "korona ng kaluwalhatian" ay para sa mga nakapagwaksi na ng mga kasalanan, sumusunod at isinasabuhay ang Salita ng Diyos, at nagbibigay sa Kanya ng kaluwalhatian (1 Pedro 5:4); Ang "korona ng buhay" ay para sa mga taong nagbigay sa Diyos ng pinakamataas na klase ng pagmamahal, naging tapat hanggang sa kamatayan, at nagpakabanal sa pagwawaksi ng lahat ng klaseng kasamaan (Santiago 1:12; Pahayag 2:10). Mayroon ding "korona ng katuwiran" para sa lahat ng ganap na nagpakabanal at nagsagawa ng mga tungkulin na ibinigay ng Diyos at nagsulong ng pananampalatayang kinalulugdan ng Diyos (2 Kay Timoteo 4:8).

Binanggit sa Aklat ng Pahayag ang "matatanda" sa langit na nakasuot ng mga "gintong korona." Ang mga "matatanda" ay mga taong mayroong pananampalatayang parang ginto, hindi nagbabago at kinikilala ng Diyos, ganap na nagpakabanal, at naging tapat sa lahat ng aspeto. Bibigyan ng Diyos ng gantimpalang korona ang bawat isa ayon sa kabanalan at katapatan nila.

Mga kapatid kay Cristo, sa pagsusuot ni Jesus sa koronang tinik, tinubos Niya tayo mula sa kasalanang nasa isipan natin para makapagsuot din tayo ng magagandang korona sa Langit. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo na wasakin nawa ninyo ang mga makalaman na saloobin na lumalaban sa Diyos at sundin Siya ng may espirituwal na saloobin para magalak kayo sa kaluwalhatian ng Diyos na parang nagniningning na kaluwalhatian ng Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Ang Kahulugan ng Krus

Sinasabing simbolo ng Cristianismo ang krus na kahoy. Ito ay sapagkat ipinapakita ng krus ang pag-ibig ng Diyos, ibig sabihin, ang kalooban ng Diyos tungkol sa kaligtasan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Kung mauunawaan natin ang espirituwal na kahulugan ng krus, mabubuhay tayo ayon sa kalooban ng Diyos, magiging tunay na mga anak Niya tayo. Pag-aralan natin ang kahulugan ng krus.

## Una, nagpapakita ng 'pagpapala' ang krus

Noong unang panahon, isang nakakakilabot na parusa ang pagpapako sa krus sa isang kriminal na gumawa ng kasalanan na walang kapatawaran. Ang ating si Jesus ay ipinako sa krus para sa mga makasalanan na nasa ilalim ng sumpa ng espirituwal na kautusan (Galacia 3:13).

Ang 'sumpa ng Kautusan' ay sumpa ng espirituwal na kautusan na nakasulat sa Mga Taga-Roma 6:23 na nagsasabi, "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." Dahil nagkasala si Adan ng pagsuway, lahat ng mga inapo niya ay nagmana ng kasalanan, lahat ng sangkatauhan ay naging makasalanan dahil ipinapanganak sila na may orihinal na kasalanan. Ibig sabihin, lahat ng tao ay nagkasala, patay ang espiritu nila dahil nga ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.

Kung mayroong magpapalaya sa mga 'makasalanang' ito mula sa sumpa ng kautusan, dapat niyang bayaran ang halaga ng sumpa. Para tugunan ito, niloob ng Diyos na maibitin si Jesus sa krus na kahoy na sumisimbulo ng sumpa.

May sinabi si Jesus kay Nicodemo tungkol dito, mababasa sa Juan 3:14-15, "Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, kailangan din namang itaas ang Anak ng Tao; upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Sa pagpasan ni Jesus ng krus, tinalo Niya ang kapangyarihan ng kaaway na si Satanas. Dahil pinatay ni Satanas ang walang pagkakasalang si Jesus, nilabag niya ang espirituwal na batas, muling nabuhay si Jesus mula sa kamatayan. Kaya ang pagtanggap kay Jesus na namatay sa krus ay katumbas ng pananampalataya na wala ng kapangyarihan si Satanas.

Kahit ipinako si Jesus sa krus, na siyang simbolo ng sumpa, kung may pananampalataya tayo, tatanggapin natin ang handog na buhay na walang hanggan. Para sa ating mga nananampalataya sa Panginoon, ang krus ay hindi na simbolo ng 'sumpa' kundi simbolo ng 'pagpapala'.

## Pangalawa, ang kahulugan ng krus ay 'sakripisyo'

May sinasabi ang aklat ng Sa Mga Hebreo 9:12 tungkol dito, "...at hindi rin sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at mga toro, kundi sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo, Siya ay pumasok na minsan magpakailanman sa Dakong Banal, sa gayo'y tinitiyak ang walang hanggang katubusan." Sinasabi sa Sa Mga Hebreo 9:22 na kung walang pagdanak ng dugo, walang pagpapatawad ng kasalanan. Dumanak ang dugo ni Jesus para tubusin tayo mula sa kasalanan. Binayaran Niya ang napakalaking halaga ng sakripisyo para mapalaya tayong mga alipin ng kasalanan at maging mga anak ng Diyos.

Ang latigo na ginamit sa sakripisyong ito ay kakaiba sa karaniwang ginagamit. Nilagyan ito sa dulo ng mga bakal na bola, matutulis na buto, at pira-pirasong bakal. Kapag hinagupit nito ang balat na bugbog na, matutuklap ang balat, lalaylay ang laman. Dahil sa sobrang pagdurugo, bumababa ang presyon ng dugo, makakaranas ang kriminal ng 'hypovolemic shock', ito ay dahil sa labis ang nawawalang dugo mula sa katawan, hindi na makapagtrabaho ng normal ang puso. Dahil sa kulang na ang tubig sa katawan, makakaramdam din ng pagka-uhaw ang kriminal.

Dapat ding ipasan ng kriminal ang krus na kahoy hanggang sa lugar kung saan siya ipapako. Karaniwan, may sukat na 2 metro ang haba nito, at may timbang na 40 kilo, mahigit sa 100 libra. Nanghihina na ang ipapako sa krus, pagkatapos masira ng balat at laman dahil sa panlalatigo, ipapasan pa niya ang mabigat na krus. Ipapako siya sa krus sa mga kamay at mga paa. Napakalalaki ng mga pakong gagamitin; may sukat itong 13-18 sentimetro, (mga 7-9 pulgada). Ipapako siya sa itaas ng pulso. Magkapatong ang mga paa at papasok sa gitna ng mga buto sa paa ang pako. Wawasakin ng pako ang mga ugat.

Habang nakabitin sa krus at nakapako ang mga kamay at mga paa, banat ang mga braso, nababali ang mga buto. Nawawala sa tamang lugar ang mga buto sa balikat. Dahil sa bigat ng buong katawan, nababanat ang mga braso at balikat pababa, mahirap huminga. Nauubusan sila ng hangin. Hindi na regular ang pagtibok ng puso. Ayon sa mga pagsasaliksik, ang mga ipinapako sa krus ay 1,000 beses nawawalan ng malay habang nakapako bago siya tuluyang mamatay.

Ang pagpako sa krus ay parusang magbibigay ng pinakamatinding paghihirap at pasakit sa biktima. Ang ating si Jesus ay nagdusa sa ganitong klaseng pagpako sa krus. Dapat nating alalahanin ng buong puso ang kadakilaan ng sakripisyo Niya para sa atin.

## Pangatlo, ang kahulugan ng krus ay 'pag-ibig'

Sinasabi ng 1 Juan 4:10, "Narito ang pag-ibig, hindi sa tayo'y umibig sa Diyos, kundi Siya ang umibig sa atin, at sinugo ang Kanyang Anak na pantubos sa ating mga kasalanan." Ito'y dahil sa pagmamahal Niya sa iyo at sa akin. Tandaan natin ang katotohanan na ang pagmamahal ng Diyos sa atin ay hanggang ibigay Niya ang bugtong na anak Niyang si Jesus para mamatay sa krus bilang sakripisyong pantubos.

Batid na ng Diyos kung gaano kahirap at kasakit ang pagdurusang pagdadaanan ni Jesus. Iisa lang ang dahilan kung bakit pumayag Siyang ibitin si Jesus sa krus. Ito'y dahil sa pagmamahal Niya sa iyo at sa akin. Ito lang ang paraan para maligtas ang mga makasalanan. Ito lang ang paraang hindi naisip ng kaaway na Satanas. Dahil sa pag-ibig na handang magsakripisyo at higit pa sa katuwiran, binuksan ni Jesus ang daan patungo sa kaligtasan ng sangkatauhan.

Sa tuwing titingin tayo sa krus, alalahanin natin ang pag-ibig na ito. Alalahanin natin na dahil sa pag-ibig, ibinigay ng Diyos ang bugtong na Anak Niya para mamatay sa krus. Ang mga nakakadama at nakakaintindi ng pag-ibig na ito sa puso nila ay magkakaroon ng buhay na iba sa mga hindi nakakaintindi.

Nagpatotoo si apostol Pablo sa Galacia 2:20, "Ako'y ipinakong kasama ni Cristo at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin, at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na sa akin ay nagmahal, at nagbigay ng Kanyang sarili dahil sa akin." Dapat mabuhay nang may pananampalataya at pagsunod sa kalooban ng Diyos ang mga nakakaintindi ng tungkol sa pag-ibig na nakapaloob sa kamatayan sa krus para maluwalhati ang Panginoon.

# "Nakakahinga at Nakakapaglakad na Ako ng Maayos! Parang Nananaginip Lang Ako!"

Diakonesa Youngji Kim, 64 taong gulang, Parokya 30, Manmin Central Church

Matagal na akong maysakit sa puso. Noong Pebrero 26, 2016, nahiga ako sandali. Nang tatayo na ako, parang naparalisa ang kanang bahagi ng katawan ko. Parang nawalan ako ng pakiramdam at hindi ako makatayo. Kinuha ko ang cellphone ko sa kaliwang kamay ko. n ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na nakarecord dito. Pagkatapos, tinawagan ko ang anak kong babae para ikwento sa kanya ang nangyari sa akin.

Dinala ako sa ospital, isinakay ako sa ambulansya. Nasuring na-stroke na pala ako kaya inilagay ako sa Intensive Care Unit. Tinawagan ng anak ko ang mga kasamahan ko sa cell group, hiniling niya na ipanalangin ako. Pinagpatuloy ko ang pagtanggap sa panalangin ng Punong Pastor para sa maysakit. Pinagsisihan ko ang mga kasalanan ko sa harapan ng Diyos, hindi rin ako naging mabuting lingkod sa kapawa ko, hinusgahan ko pa sila.



Kinabukasan, may himalang nangyari. Nang sabihin ng doktor sa akin na itaas ang kanang kamay ko, nagawa ko. Inilipat ako ng kwarto, isinama na ako sa mga hindi maselan ang kondisyon. Pero hindi pa rin ako makakain, makapaligo, o makapagbanyo nang walang tulong ng anak kong babae.

Noong Pebrero 29, idinaos ang unang araw ng espesyal na pulong-panalanging Daniel. Tinanggap ko ang basbas ng Punong Pastor sa GCN (www.gcntv.org). Pagkatapos nito, mabilis akong gumaling, pinauwi na ako mula sa ospital pagkatapos ng isang linggo.

Noong Marso 20, malaki ang pagpapasalamat ko dahil nakapaglalakad na akong walang tulong kahit may saklay pa rin. Buong puso kong pinaghandaan ang pagsamba ng Misyon para sa Kababaihan. Sa pagsamba, nakamayan ko ang Punong Pastor. Nang sandaling iyon, naramdaman kong lumakas ang kanang binti ko, mas bumuti ang paglalakad ko kahit may saklay pa rin.

Noong Abril 10, mag-uumaga ng Linggo, napanaginipan ko ang Punong Pastor. Habang lumuluha siya, hinawakan niya ang mga kamay ko at sinabihan akong tumayo. Paggising ko, malakas ang pakiramdam ng mga binti ko, nakakapaglakad na ako nang walang saklay. Hallelujah!

Noong Mayo 26, dumalo ako sa pagsamba, kaarawan ito ng Punong Pastor. Nang makita ko siya sa pulpito, napaiyak ako, parang napaso ang puso ko. Nawala lang ang ganitong pakiramdam nang matapos ang pagsamba. Pagkatapos, bumilis ang pulso ko at mas lumakas ang katawan ko. Nakakaakyat na ako sa hagdanan nang hindi kinakapos ang hininga. Nahihirapan ako dating umakyat ng hagdanan, humihinto ako sa kalagitnaan dahil nahahapo ako.

Bukod dito, noong Agosto 2016, gumaling din ang mga mata ko mula sa 'myodesopsia' (mga batik o hibla na lumulutang sa paningin) habang nasa Retreat sa Tag-init ng Manmin. Bumalik ang linaw ng paningin ko, nababasa ko na ang maliliit na letra, matagal ko ng hindi nagagawa ito, gumagamit pa ako ng 'magnifying glass'. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpapala sa akin at nagpapalago ng pananampalataya ko dahil sa dakilang pag-ibig Niya.

# "Nakalaya Ako Mula sa Sakit sa Balat na 15 Taon Kong Pinagtiisan!"

Kapatid na Phil Vovo, 25 taong gulang, Ile-de-France Manmin Church

Sa loob ng 15 taon, magmula noong 8 taong gulang pa lang ako, pinagdusahan ko na ang eksema. Sinabi ng doktor na walang pag-asang lubusang magamot ang kondisyon ko. Ang tanging nagawa na lang nila ay turukan ako ng 'cortisone' (isang klase ng hormone) para mabawasan ang pananakit na naramdaman ko. Kapag sumumpong ang sakit, hindi ako makakain, makapaglakad, makatulog, at makapag-aral nang mabuti. Matagal kong pinaglabanan ang sakit na ito pero hindi ko pinapakita sa iba na nasasaktan ako. Hindi nila napansin ito. Nagsikap akong mag-aral nang mabuti sa tulong ng pamilya ko at nanampalataya ako na karamay ko ang Diyos.

Nagpasalamat ako dahil natanggap ako sa Grandes Ecoles University, kakaunting mayayaman na estudyante ang nakakapasok dito. Nabigyan din ako ng pagkakataong maging iskolar, magtrabaho sa isang malaking kumpanya bilang intern, at makapag-aral nang mabuti. Samantala, nagsimulang makinig ng mga sermon ni Dr. Jaerock Lee ang nanay ko noong taong 2012, nabalitaan niya ang tungkol sa mga mensahe nito sa isang katrabaho. Tumanggap siya ng maraming pagpapala, iminungkahi niya sa akin na makinig din ako sa mga sermon. Dumalo ako sa mga pagsamba ng Manmin Central Church sa internet. Noong Mayo 14, nabalitaan ko na pupunta sa Belgium ang pandaigdigang patnubay na pastor ng Manmin na si Rev. Heesun Lee, dumalo ako sa pagpupulong. Dahil inaasam kong gumaling, tinanggap ko ang panalanging may panyong dinalanginan ng Punong Pastor (Ang Mga Gawa 19:11-12). Itinigil ko ang pag-inom ng gamot. Pagkatapos ng isang linggo, nagsimulang kumilos ang Diyos sa karamdaman ko. Natanggal ang mga sugat sa balat ko at nagkaroon ng bagong balat. Parang panaginip ang pangyayari dahil hindi ako napagaling ng kahit na anong medisina. Ginawa ng Diyos ang hindi nagawa ng tao at ng medisina. Nakakamangha, Diyos lang ang nakagawa nito!

Noong Hunyo 2014, pumunta ako at ang mga magulang ko sa Manmin Central Church para magpasalamat sa Punong Pastor. Pagkatapos, tinanggap ko ng personal ang panalangin niya. Bumisita kami sa Muan, naglublob ako sa Muan Sweet Water, mas bumuti ang pakiramdam ng balat ko, mas lumambot. Habang tumatagal, mas kuminis pa ang balat ko, nawala ang mga peklat. Hallelujah!

Noong Hulyo 2016, dahil wala akong pasok, bumisita ulit ako at ang nanay ko sa Manmin Central Church (litrato). Dinaluhan ko ang lahat ng pagsamba at pulong-panalanging Daniel. Napuspos ang espiritu ko ng Banal na Espiritu, nagkaroon ako ng mas malaking pag-asa na mararating ko ang Bagong Jerusalem.

Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay inihahadog ko sa Diyos na tumulong sa akin para magkaroon ng napakahalagang buhay.




## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714